# Pakiusap sa Lahat ng Taga-Tokyo Tungkol sa COVID-19

〇 Napakarami na ng mga taong nahahawaan ng COVID-19 ngayon. Magiging mapanganib kung dadami ang bilang nito. Delikado ang sitwasyon.

〇 Idineklara sa Tokyo ang state of emergency. Mahalaga ngayon na manatili sa bahay hangga't maaari at hindi lumabas, at iwasang makita o kausapin ang iba.

〇 Sa pamamagitan ng state of emergency, pinapakiusapan kayong lahat na baguhin ang istilo ng pamumuhay.

**Kailan**

Mula 12:00 nang hatinggabi ng Hulyo 12 (Lunes) hanggang 12:00 nang hatinggabi ng Agosto 22 (Linggo)

**Pakiusap**

**Sa mga taong nakatira sa Tokyo**

<u>Manatili sa inyong bahay</u>

〇 Manatili sa inyong bahay sa araw at gabi hangga't maaari, at iwasang lumabas.
〇 Iwasan ang paglabas-pasok sa Tokyo.
〇 Iwasang lumabas sa oras kung kailan may maraming tao, at iwasan din na pumunta sa lugar kung saan may maraming tao.
〇 Kung kakain sa labas, piliin ang restawran na gumagawa ng mga hakbang laban sa impeksiyon sa COVID-19.
〇 Iwasang magkakasamang mag-inuman ng alak sa daan o parke.

**Sa mga may-ari ng tindahan o negosyo**

<u>May pakiusap na hindi muna magbukas ng inyong tindahan, gawing maikli ang oras ng pagbukas, at tungkol sa mga event</u>

※Tingnan ang susunod na mga pahina.

一般財団法人
東京都つながり創生財団
Tokyo Metropolitan Foundation "TSUNAGARI"

# Pakiusap Para sa mga Pasilidad (Restawran, Coffee Shop, atbp.)

<table>
<tr><th>Pasilidad</th><th>Detalye ng pakiusap</th></tr>
<tr><td>Kainan at inuman</td><td rowspan="3">
<Tindahang naglalabas ng alak/Tindahang gumagamit ng karaoke/Tindahang nagpapahintulot sa kostumer na magdala ng alak sa loob ng tindahan><br>
● Magsara ng tindahan<br>
<Tindahang hindi naglalabas ng alak/Tindahang hindi gumagamit ng karaoke/Tindahang hindi nagpapahintulot sa kostumer na magdala ng alak sa loob ng tindahan><br>
● Oras kung kailan ipinahihintulot na magbukas ng tindahan: 5:00 a.m. ~ 8:00 p.m.<br>
● Mga Pakiusap<br>
・Magpa-PCR-test sa nagtatrabaho sa tindahan hangga’t maaari.<br>
・Limitahan ang bilang ng mga taong papasok sa tindahan.<br>
・Huwag hayaang pumasok sa tindahan ang mga taong may lagnat.<br>
・Gawin ang mga hakbang para laging makapaghugas ng kamay. Ilagay ang disinfectant.<br>
・Panatilihing malinis at i-disinfect ang lugar ng trabaho.<br>
・Hilingin sa mga taong papasok sa tindahan na kailangang magsuot ng face mask.<br>
<br>
・Huwag hayaang pumasok sa tindahan ang mga hindi nagsusuot ng face mask at hindi nag-disinfect ng kanilang kamay.<br>
・Kapag ang taong nasa tindahan ay nagsasalita na hindi nakasuot ng face mask o nagsasalita nang malakas, hilingin sa kaniya na lumabas sa tindahan.<br>
・Laging magkaroon ng maayos na bentilasyon sa loob ng pasilidad.<br>
・Para sa pakikipag-usap, gawin ang mga hakbang gaya ng paglalagay ng mga upuan na magkakalayo, paglalagay ng mga partisyon sa pagitan ng mga mukha para hindi mahawaan ng COVID-19.<br>
・Sumunod sa “Guideline Para sa Bawat Uri ng Negosyo”.<br>
<br>
<br>
● Sa wedding hall, bukod pa sa lahat ng pakiusap na nasa itaas, limitahan ang “oras ng seremonya sa loob ng 1.5 oras” at ang “bilang ng mga bisita sa alinman na mas maliit sa 'hanggang sa 50 tao’ o ‘hanggang sa 50 percent ng aktuwal na capacity ng pasilidad’”.
</td></tr>
<tr><td>Pasilidad para sa paglilibang, atbp.</td></tr>
<tr><td>Banquet hall, atbp.<br><br>(Wedding hall)</td></tr>
</table>

# Pakiusap Para sa mga Pasilidad

| | Pasilidad- halimbawa | Detalye ng pakiusap |
|---|---|---|
| Pasilidad<br><br>- tindahan | Department store, shopping center, atbp.<br>(Maliban sa mga tindahan para sa pang-araw-araw na pangangailangan) | ● Oras kung kailan ipinahihintulot na magbukas ng tindahan<br>(Maliban sa mga tindahan para sa pang-araw-araw na pangangailangan)<br>Pasilidad na mahigit sa 1,000 ㎡ ang lawak: 5:00 a.m. ~ 8:00 p.m.<br>Pasilidad na 1,000 ㎡ o pababa ang lawak: 5:00 a.m. ~ 8:00 p.m. hangga't maaari<br><br>● Limitahan ang bilang ng mga taong papasok sa tindahan.<br><br>● Hindi ipinahihintulot na ilabas ang alak.<br><br>● Hindi rin ipinahihintulot na magdala ng alak sa loob ng tindahan ang mga bisita.<br><br>● Hindi ipinahihintulot na gumamit ng karaoke.<br><br>● Sumunod sa "Guideline Para sa Bawat Uri ng Negosyo". |
| | Pachinco parlor, game center, atbp. | |
| | Pampublikong bathhouse sa negosyo ng bathhouse na may pribadong kuwarto, private video shop, atbp. | |
| | Malaking public bath, esthetic salon, atbp. | |

# Pakiusap Para sa mga Pasilidad (Event, atbp.)

| | Pasilidad- halimbawa | Detalye ng pakiusap |
|---|---|---|
| Pasilidad<br><br>- event | Museum, art museum, zoo, atbp. | ● Limitahan ang bilang ng mga bisita sa 50 percent o pababa ng aktuwal na capacity.<br>Sa pasilidad na magkakasya ng mahigit 10,000 tao, limitahan sa 5,000 o pababa ang bilang ng mga bisita.<br>● Oras kung kailan ipinahihintulot na magbukas ng pasilidad<br>Kapag may event: Hanggang sa 9:00 p.m.<br>Kapag walang event:<br>Pasilidad na mahigit sa 1,000 ㎡ ang lawak: Hanggang sa 8:00 p.m.<br>Pasilidad na 1,000 ㎡ o pababa ang lawak: Hanggang sa 8:00 p.m. hangga't maaari<br>● Limitahan ang bilang ng mga taong papasok sa pasilidad.<br>● Hindi ipinahihintulot na ilabas ang alak.<br>● Hindi rin ipinahihintulot na magdala ng alak sa loob ng pasilidad ang mga bisita.<br>● Hindi ipinahihintulot na gumamit ng karaoke.<br>● Sumunod sa "Guideline Para sa Bawat Uri ng Negosyo". |
| | Baseball stadium, gym,<br>sports club, atbp. | |
| | Sinehan, teatro, entertainment hall, atbp. | |
| | Theme park, amusement park | |
| | Lugar para sa meeting, public hall, atbp. | |
| | Exhibition hall, cultural hall, atbp. | |
| | Hotel, ryokan<br>(sa banquet hall lang) | |